Table 4. MGA DAHILAN NG PAGKAMATAY NA HINDI MAITUTURING NA AKSIDENTE

Ang lahat ng kalatas o tagubilin na hindi naaayon sa mga sumusunod ay pinawawalang bisa.

PAGPAPAKAMATAY ***(Suicide)***	▪ Maging ito man ay naganap na nasa matino o hindi tamang pag-iisip ang nagpakamatay. Subalit may matatanggap na Php 2,000.00 halaga ng benepisyo kung wala pang dalawang (2) taon o ayon sa halaga ng *natural death* matapos ang dalawang (2) taon.
PINATAY ***(Murder)***	▪ Hindi ituturing na aksidente kung ang pinatay ang nagsimula ng kaguluhan. Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death*
NILASON O NALASON ***(Ingested Poison)***	▪ Anumang lason na isinubo sa bibig (maging ito man ay inumin, pagkain at kahit ano mang klase ng bagay o gamot na may taglay na lason) o nalagyan ng anumang klase ng lason ng halaman. Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death*
ANUMANG KLASE NG KATAMPALASANAN ***(Alcoholism or Drug Addiction)***	▪ Namatay dahil lasing o gumagamit ng ipinagbabawal na gamot, napatay dahil sa pagnanakaw, nagsimula o sumali sa kaguluhan at mga kagaya nito. Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death.*
HABANG GUMAGANAP SA KANYANG SERBISYO BILANG ***MILITAR O PARA-MILITAR (Military or Para-military Services)***	▪ Gumaganap sa tungkulin tulad ng mga pulis, *security guard*, at Kapitan o konsehal ng Barangay o Bayan at kagaya nito; ▪ Kasama sa ***riot*** (kabilang sa *anti-riot squad*); ▪ Kasangkot sa mga kaguluhan tulad ng digmaan bilang sundalo Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death*
NATURAL NA KALAMIDAD ***(Acts of God or Natural Calamities)***	▪ Hindi itinuturing na aksidente ang pagkamatay dahil sa natural na kalamidad gaya ng bagyo, lindol, pagguho ng lupa, tsunami, ipu-ipo, pagputok ng bulkan at gaya nito. Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death.*
TERORISMO ***(Terrorism or War)***	▪ Pagsabog ng kahit na anong uri ng bomba o tinamaan ng ligaw na bala dahil sa labanan ng militar at kaaway ng bayan. Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death.*
MALING PANGGAGAMOT NG DOKTOR	***Medical malpractice of surgeons or doctors and dentists*** Subalit may matatanggap na benepisyo ayon sa halaga ng *natural death.*

Upang higit na mabigyan ng tamang benepisyo ang isang kasapi na ang ikinamatay di umano'y aksidente, pagbatayan ang *Police Report o Barangay Blotter* kung kinakailangan.